Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, KAGALANG-GALANG IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-10 NG MARSO, 1999, LALAWIGAN NG LAGUNA NA MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN. Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 059-T'99

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET SA TAONG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG ISANDAA'T ISANG LIBO, DALAWANG DAANG PISO (P101,200.00) BILANG KAPUPUNAN SA LAANG GUGULING NAGKAKAHALAGA NG P468,800.00 UPANG IPAMBILI NG DALAWANG YUNIT NG SASAKYAN SA HALAGANG P570,000.00 PARA SA KAGAWARAN NG PULISYA SA BAYANG ITO.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay sa sangguniang ito ang kahilingan ng Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na makapagpatibay ng karagdagang badyet na nagkakahalaga ng P101,200.00 bilang kapupunan sa pagbili ng dalawang yunit na sasakyan para sa Kagawaran ng Pulisya sa bayang ito;

**SAPAGKA'T,** ang nabanggit na karagdagang gugulin ay magmumula sa 'continuing appropriation' ng taong 1998:

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa kagalingang paglilingkuran, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Jeffrey A. Villaseñor at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN** : Na pagtibayin ang sumusunod na:

## KAUTUSAN SA PAGLALAAN NG PONDO
## BLG. 05-T'99

**IPINAG-UUTOS** ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON I** - Ilaan ang halagang P101,200.00 bilang karagdagang badyet upang mapunan ang kakulangan sa halagang P468,800 na nakalaan sa pagbili ng dalawang yunit ng sasakyan na nagkakahalaga ng P570,000.00 para sa Kagawaran ng Pulisya sa bayang ito, sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

**SEKSYON 2** - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**PINAGTITIBAY.**

**PINAGPASIYAHAN PA RIN** : Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Pambayang Ingat-yaman at Pambayang Pinuno sa Badyet na makagawa ng mga pamamamraan sa paghanap ng pondo, ayon sa mga batas na ipinaiiral sa pagbabadyet.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan/kautusang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY AT ISINASABATAS:** Ika-10 ng Marso, 1999

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN E
RECORDED
BY:
DATE:
STA. CRUZ, LAGUNA